Republic of the Philippines
CITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPU'T ISANG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MARTES, IKA-13 NG HUNYO, 2006 SA GUSALING BATASAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD.

Mga Dumalo:

1. Kgg. ARLENE ARCILLAS-NAZARENO - Pang. Punong-lungsod, Namuno
2. Kgg. LAUDEMER A. CARTA - Kagawad
3. Kgg. JOSE C. CARTAÑO - Kagawad
4. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA - Kagawad
5. Kgg. RAUL P. AALA - Kagawad
6. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
7. Kgg. ARNEL DC. GOMEZ - Kagawad
8. Kgg. ANTONIA T. LASERNA - Kagawad
9. Kgg. ROY M. GONZALES - Kagawad
10. Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN - Kagawad
11. Kgg. MYTHOR C. CENDAÑA - Kagawad
12. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad
13. Kgg. AIZEL B. ALIPON - Kagawad

****

KAPASIYAHAN BLG. 141-2006

(Sa mungkahi ng Lupon ng Housing and Urban Development)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY SA KAHILINGANG PAHINTULOT SA PAGPAPAUNLAD (**DEVELOPMENT PERMIT**) NG FEDICON CONSTRUCTION AND DEVELOPMENT CORPORATION PARA SA PROYEKTONG RESIDENTIAL NA KIKILALANING "***BAYSHOREVILLE RESIDENTIAL SUBDIVISION***" NA MATATAGPUAN SA BARANGAY SINALHAN, LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA.

SAPAGKA'T, ang Fedicon Construction and Development Corporation ay naghain ng kahilingang Pahintulot sa Pagpapaunlad (Development Permit) para sa kanilang panukalang proyektong residensiyal na kikilalaning BAYSHOREVILLE RESIDENTIAL SUBDIVISION sa lagay ng lupaing may sukat na 13,869 metrong parisukat na may Lote Blg. 795 at 210;

SAPAGKA'T, batay sa pag-aaral ng Lupon ng Urban Planning ang nabanggit na parsela ng lupain ay nasasa lugal na maituturing na "*compatible*" o tumutugma sa panukalang proyektong – "*residential subdivision*" at sa dahilan din na nakatugon ang humihiling sa kinakailangang dokumentong pansuporta ay inihain ang paayong pagpapatibay sa kahilingan.

Republic of the Philippines
CITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing buong pagkakaisang sinang-ayunan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagpapatibay sa kahilingang Pahintulot sa Pagpapaunlad (Development Permit) ng Fedicon Construction and Development Corporation para sa proyektong residensiyal na kikilalaning Bayshoreville Residential Subdivision na matatagpuan sa Barangay Sinalhan, Lungsod ng Santa Rosa, Laguna.

IPINASIYA RIN, ang pagpapatanto ng Kapasiyahang ito ay ipatutupad sa sandaling lahat ng kinakailangang pahintulot o clearances mula sa iba pang tanggapan o ahensiya na may kinalaman sa pagpapaunlad ay naipagkaloob na sa humihiling.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay para sa Ikalawang Pagbasa at sinipi mula sa katitikan ng Ika-21 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Panlungsod noong Ika-13 ng Hunyo, 2006.

CYNTHIA M. GOMEZ
Kalihim Panlungsod

Pinatotohanan:

arlene arcillas-nazareno

ARLENE ARCILLAS-NAZARENO
Pangalawang Punong-lungsod

Pinagtibay:

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Punong-lungsod